

Impormasyon sa Pag set-up ng Account sa MSS Portal ng Magulang

Kapag ang rekord ng Contact para sa isang magulang o tagapag-alaga ay nababagay sa mga kinakailangan para sa isang MSS account, ang mga tauhan ng dibisyon ng paaralan ay gagawa ng user account. Ang isang email mula sa 'production@pd.myschoolsask.com' ay ipapadala sa user na naglalaman ng impormasyong katulad ng ipinapakita sa asul na font sa ibaba.

Para sa paunang pag set-up, inire-rekomenda namin na gumamit ka ng laptop o PC. Kapag matagumpay kang naka log-in, maari kang gumamit ng mobile device para ma access ang MSS.

Dapat sundin ng mga users ang mga direksyon sa ibaba para mai-finalize ang user account. Ang pang limang hakbang ay mahalaga para sa hinaharap na pag self-reset ng password (ipasok ang email address, piliin ang Security Question, at magbigay ng sagot sa panseguridad na tanong). Mangyaring sundin ang bawat hakbang.

Welcome sa Lloydminster RCSSD 89 MySchoolSask PARENT PORTAL na siyang magbibigay ng access upang makita ang mga grado, pagdalo at iba pang impormasyon tungkol sa iyong (mga) anak. Ang bawat magulang o tagapag-alaga ay magkakaroon ng sarili at hiwalay na account.

Upang ma-access ang MySchoolSask:

1. Bisitahin ang <https://myschoolsask.ca/asp/en/>
2. Tiyaking gumagana ang mag "pop-up" para sa iyong browser
3. Ang iyong username ang magiging: (ang username ay ilalagay sa email message)
4. Ang iyong pansamantalang password ay magiging: (ang pansamantalang password ay ilalagay sa mensahe sa email)
TANDAAN: Ang username at password ay parehong case sensitive
5. Ilagay ang iyong username at password pagkatapos ay i-click ang Log On upang ma access ang system. Ipo-prompt kang baguhin ang iyong password, at punan ang ilang impormasyon upang sa hinaharap ay maaari mong i-click ang `Nakalimutan ko ang aking password` para makatanggap ng bagong password.

Sa sandaling matagumpay kang naka log-on sa MSS, magkakaroon ka ng access sa iskedyul ng iyong anak, mga marka, mga marka sa report card (sa panahon ng nai- publish na yugto ng panahon), at iba pang impormasyon.

Walang app para sa MSS. Paki-save ang URL mula sa unang Hakbang papunta sa iyong mga device para magamit sa hinaharap. Maari mo ring bisitahin ang lcsd.ca upang ma access ang MySchoolSask mula sa isang link sa home page o sa ilalim ng tab na Mag-aaral at Magulang.

Kung makakaranas ka ng mga isyu sa pagse-setup ng iyong account o kung hindi ka nakatanggap ng email na may mga tagubilin sa pag set-up ng iyong account, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak para sa tulong.

Sumangguni sa iba pang Mga Gabay sa Tulong para sa pagtuturo kung paano i-access ang impormasyon kapag na-set up na ang iyong user account o para sa direksyon sa pag-reset ng iyong password. Tandaan na ang mga screenshot sa Mga Gabay sa Tulong ay maaaring lumitaw na medyo naiiba kaysa sa iyong device habang ang layout ng pahina ay umaayon sa uri ng device na iyong ginagamit.